

1. Tungkol sa Pagbibigay ng Pinansyal na Suporta sa mga Bagong Silang na Sanggol

Dahil sa epektong panlipunan at pang-ekonomiya ng COVID-19 ay magbibigay ng tulong pinansyal sa mga tahanan na may bagong ipinanganak na sanggol.

At ang mga sakop ng benepisyong ito ay ang mga tahanan na angkop sa mga sumusunod na tatlong kondisyon.

Una, ay ang mga tahanan na may batang ipinanganak mula ika-28 ng Abril ngayong taon ng 2020 hanggang sa ika-31 ng Marso sa susunod na taon ng 2021.

Pangalawa, ang mga batang ipinanganak at itinalaga ang rehistro sa siyudad bilang mamayan ng Tochigi City.

Pangatlo, mga batang ipinanganak na kasama na mananatiling manirahan sa lungsod ng may isang taon o mahigit pa.

Ang halaga na matatanggap na tulong pinansyal ay 50,000 yen at ito ay isang beses lamang.

Ang pagtanggap para sa aplikasyon ng benepisyong ito ay hanggang sa ika-15 ng Abril ng susunod na taon.

Ang aplikasyon ay isusumite sa “Child Rearing and Support Section o ang Kosodate Shien Ka ng City Hall. Ang application forms ay pwedeng i-download sa website ng lungsod o pwede ring makuha sa counter ng Kosodate Shien Section ng munisipiyo.

Ang mga bagong ipinanganak na bata at nairehistro hanggang sa ika-31 ng Hulyo ngayong taon ay makakatanggap ng abiso na naglalaman ng application form sa kalagitnaan ng Agosto. Mangyaring I-fill-up ito at kompletuhin ang pamamaraan ng aplikasyon para sa pagtanggap ng benepisyong ito.

2 . Tungkol sa bahagyang Subsidy sa Bayarin sa Pagbabakuna para sa Influenza

Upang mapagaan sa sabay na epekto ng epidemya na dulot ng Influenza at pandemya dulot ng COVID-19 ay magbibigay ang lungsod ng subsidiya sa bayarin sa pagbabakuna para sa Influenza sa mga bata at matatanda na nakatira sa lungsod ng Tochigi. Hindi kasama ang mga batang ipinanganak ng walang pang 6 na buwan.

Ang halaga na ibibigay para rito ay ang sumusunod:

Para sa mga batang ipinanganak ng may mahigit ng anim na buwan hanggang bago ito mag elementarya ay 2,500 yen, pwede sa dalawang beses.

Para sa mga batang nasa elementarya hanggang mag 13 taon gulang ay 1000 yen at pwede rin sa dalawang beses na pagpapabakuna.

Para sa may edad 13 taon gulang hanggang 65 taon gulang ay makakatanggap ng 1000yen na subsidiya para sa isang beses na pagpapabakuna lamang.

3,500yen para sa mga may edad 65 pataas at ito ay isang beses lamang. Ang pagpapabakuna ay gagawin mula umpisa ng Oktubre ng taong kasalukuyan hanggang ika-28 ng Pebrero ng susunod na taon ng 2021. Kaya magpabakuna upang makaiwas at hindi magkaroon ng Influenza.

3. Tungkol sa Pamnawagan sa Pag-iwas sa Bagong Corona Virus o COVID-19.

Sa kasalukuyan, may mga nahawaan ng COVID-19 sa Japan kung saan hindi malinaw o ma-trace ang pinag-mulan ng impeksyon. Sa mga ilang lugar, may mga impeksyon na nagmumula sa pagkakumpol-kumpol ng mga tao. Ito ay tinatawag nilang “clusters”.

Upang makalayo sa pagkakahawa ng COVID-19 ay itinalaga ang pag-iwas sa “3M”. Ang “MASIKIP” na lugar kung saan mahina ang bentilasyon. Ang “MATAONG” lugar na nagkukumpul-kumpolan ang maraming tao ay dapat iwasan. Ang “MALAPITANG” pakikipag-usap ay iwasan din.

Gayundin, siguraduhing lubos na pinapatupad ang pangunahing hakbang na pagpapanatili ng distansya sa pagitan natin sa isa’t isa, ang pag-suot ng face masks o face shields at ang palagiang paghuhugas ng kamay.

Gayunpaman, ang pagsusuot ng face mask sa gitna ng napakainit at mataas na humidy ng panahon ay nakapagdudulot ng heat strokes kaya dapat din tayong maging maingat.

Kung kaya’t depende sa sitwasyon, pwede na ring alisin ang facemasks kung napanatili natin ang distansyang 2 metros sa pagitan ng ibang tao o kung walang tao sa paligid natin.

Sa mga pampublikong lugar gaya ng munisipiyo o community centers at iba pa ay pinapanatili ang ganitong pamamaraan upang ang mga mamamayan na pupunta sa mga lugar na ito ay panatag at hindi magkakaroon ng pangamba na magkakaroon ng pagkahawa sa impeksyon.

Bilang halimbawa, pinapanatili ang bentilasyon ng mga pampublikong lugar na mga ito. Nilagyan din ng mga transparent curtains o boards sa mga counters upang makaiwas sa “splash” o pagtalsik ng laway ng kausap. Nag-install din ng mga hand sanitizers at pag-disinfect at paglinis sa mga lugar na palagiang hinahawakan o pinupuntahan ng mga tao.

Ang mga kawani rin ng gobyerno ay nag-iingat para sa kanilang personal na kalusugan sa pamamagitan ng paggamit ng facemasks, face shields at gwantes.

Para rin sa mga dayuhang residente ay ipinapanawagan ang palagiang pag-suot ng facemask at pag-disimpekta ng ating mga kamay sa tuwing tayo ay pupunta sa munisipiyo at iba pang pampublikong lugar.